**INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY, AND EXCELLENCE (IMJRISE)**
ISSN: 3028-032X (online) | ISSN: 3028-0370 (print)
Volume 1, Issue no. 5 (2024)



# Epekto ng Online Learning Modality sa Nagtatrabahong Mag-aaral sa Kolehiyo

**DOI: https://doi.org/10.5281/zenodo.11188592**

**James Mancha**
Student, Mandaue City College, Mandaue City, Cebu, Philippines
https://orcid.org/0009-0006-2483-4693

**Cherry Villamor**
Student, Mandaue City College, Mandaue City, Cebu, Philippines
https://orcid.org/0009-0001-3574-3053

**Jenny Ann Abañera**
Student, Mandaue City College, Mandaue City, Cebu, Philippines
https://orcid.org/0009-0001-0210-1425

**Mary Grace Marabi**
Student, Mandaue City College, Mandaue City, Cebu, Philippines
https://orcid.org/0009-0005-0514-2299

**Maria Ladylyn Cabrejas**
Student, Mandaue City College, Mandaue City, Cebu, Philippines
https://orcid.org/0009-0003-6397-745X

**Abstrak:**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang mga epekto ng online learning modality sa mga nagtatrabahong mag- aaral sa kolehiyo. Ito ay mas pinalalim pa ng mga mananaliksik na bigyang sapat na solusyon ang mga hamon na kinakaharap sa mga nagtatrabahong mag-aaral habang sila ay nagtatrabaho at dito malalaman kung ano ang kanilang mga hamon na kinakaharap sa kanilang pag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay ginagamitan ng deskriptibong Husserlian Phenomenology upang makakuha ng mas malalim na pag-unawa sa mga hamon ng mga nag-tatrabahong mag-aaral. Ang kabuuang respondente ay anim (6) na mag-aaral mula sa kolehiyo sa ikatlong taon ng kursong Bachelor of Secondary Education na nagmula sa isang local na City College. Ang mga nasabing respondente ay may edad na labing walong taong gulang (18). Sa pamamagitan ng mga tagatugon na ito, naniniwala ang mga mananaliksik na mabigyan ng kasagutan at katarungan ang layunin ng isinagawang pag-aaral. Nais man ng mga nagtatrabahong mag-aaral na magkaroon ng face-to-face class ngunit nangibabaw na maganda ang online learning modality sa kadahilanan na hindi na kailangang bumiyahe at hindi magastos. Marami mang hamon tulad ng mahinang internet connection at kung paano babalansehin ang kanilang oras kaya nagkakaroon sila ng problema ngunit ang bawat respondente ay may kanya- kanyang paraan upang makapasok sa klase. Tulad ng pagbabalanse ng kanilang oras, paggawa ng planer, at pagdidisiplina sa sarili. Pinapatunayan ng mga respondente na hindi hadlang ang pagtatrabaho upang huminto sa pag- aaral, maraming paraan upang ipagpatuloy ang pag-aaral. Base sa natuklasang pag-aaral, may magandang naidulot ang online learning modality sa mga nagtatrabahong mag-aaral dahil nababalanse nila ang kanilang oras sa pagtatrabaho habang sila ay nag-aaral. Hindi naman nahihirapan ang mga mag-aaral sa online learning modality sapagkat nariyan naman ang guro na handang gumabay para maisakatuparan ang epektibong pag-aaral.

**Susing-Salita**: Epekto, Online Learning, Modality, nagtatrabahong-magaaral

**Introduksyon:**

Ang pag-aaral ay isang bagay na kailanman hindi maangkin nino man, ito ay daan upang magkaroon ng matagumpay at magandang kinabukasan. Mahalaga ito para sa lahat, dahil matukoy nito ang takbo ng buhay at kung anong hinaharap ang maaring makamit ng bawat isa. Bagamat, hindi lahat ay parehong may pagkakataon makapag-aral. Ayon kay Valeroso, et al. (2021) malaki ang impluwensya ng edukasyon sa hindi mapigilang pagsulong ng panahon at pag-iiba ng mukha ng mundo. Ito ang isa sa mga dahilan ng napakaraming pagbabagong nagaganap sa halos lahat ng aspekto ng buhay at hindi maikakailang ito rin ang tugon at susi sa inaasam na kaunlaran at matatag na lipunan. Ito ang isa sa dahilan kung bakit napakahalaga para sa lahat na magkaroon ng edukasyon, ano man ang katayuan sa buhay. Ayon sa United Nation Education Scientific and Cultural Organization/UNESCO (2020) "ang edukasyon ay isang prinsipyo ng karapatang pantao at ito ay isa ring pagsasanay sa iba pang karapatang pantao na nagtataguyod ng indibidwal na kalayaan, nagbibigay kalakasan at nagbubunga ng paglago.

Matatandaan noong Marso ng 2020 kung kailan inihayag ang pagsususpinde ng mga klase sa lahat ng antas sa buong bansa. Dahil sa mabilis na pagtaas ng kaso ng Covid'19 dito sa Pilipinas, napilitan ang gobyerno na suspendihin ang klase sa lahat ng paaralan sa bansa. Bilang alternatibo, minabuti ng pamahalaan nag gawing online at modyular na lamang ang pagsasagawa ng mga klase. Ayon kay Dimas,et al (2022) sa kasalukuyang kalagayan ng mundo, kung saan ang pananatili lamang sa bahay ang pinakamabisang gawin, kung saan ang mga mag-aaral ay hindi na nakakapunta sa kani- kanilang mga paaralan. Sa halip ay nag-aaral na lamang sila sa mga tahanan gamit ang anumang paraan na naaayon sa kanilang kakayahan sa buhay.

Kaya simula noong Akademikong Taong 2020–2021, ipinatupad na sa Pilipinas ang distance learning para hindi tumigil o huminto ng pag-aaral sa kabila ng hinaharap na pandemya ng COVID-19. Nagpapatuloy ito hanggang sa School Year 2021–2022 (Lozada, et al 2022). Bilang alternatibo, minabuti ng pamahalaan na gawing online at modyular na lamang ang pagsasagawa ng mga klase. Binanggit nina Llaneta (2021) sa artikulong may pamagat na "The Rise of Online Learning during the COVID-19 Pandemic" na bilang bunga ng paglaganap ng COVID-19 ang edukasyon ay nabago at umusbong ang e- learning na pagtuturo sa sa bahay at sa pamamagitan ng digital platforms. Upang hindi lumaganap ang hawaan ng COVID-19 mas ligtas ang pag-aaral sa bahay gamit ang e- learning.

Sa mga positibong dulot ng pandemya ay naglaan ng pundo ang pamahalaan para mapabuti ang pag-aaral. Ang mga naiulat na datos ay resulta ng iba‟t ibang salik sa buhay-mag-aaral tulad ng kalidad ng edukasyon, pinansyal na kapasidad at mental na kalusugan. Sinuportahan naman ito ng pag-aaral ni Frigillano, et al (2018) na ang pagtatrabaho at pag-aaral ng full-time ay nangangailangan ng ibayong tiyaga. Dagdag pa nila ang paglalagay ng sariling mental at pisikal na enerhiya sa isang komplikadong sitwasyon ay kadalasang nagbubunga ng matinding pagod, pagkahapo o di kaya‟y pareho. Karamihan sa mga mag-aaral na nagtatrabaho ay karaniwang nabibilang sa pamilyang may mababang kinikita, kung saan malaking hamon ang pagtugon sa pang-araw-araw nilang pangangailangan.

Samakatuwid, ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay upang galugarin ang karanasan ng mga nagtatrabahong mag- aaral sa kolehiyo sa epektong dulot ng online learning modality. Higit pa rito, ang pag-aaral na ito, ay maaaring magsilbing isang positibong paraan para sa lahat ng nagtatrabahong mag-aaral upang magamit ang iminungkahing gabay sa aktibidad para sa epekto ng online learning modality, mga hamon kinakaharap, at mga gustong maipanukala, upang mabigyang solusyon kung ano ang nakaka epekto nito sa mga mag-aaral.

Ateoretikal na Paninindigan
Upang maiwasan ang mga bias, ang pag-aaral ay hindi nakaangkla sa anumang teorya. Mahirap ngunit hindi imposibleng ihiwalay ang sarili sa bias ng kaalaman. Layunin ng mananaliksik na huwag tukuyin ang isang teorya sa bahaging ito upang suspindihin ang mga paunang pagpapalagay upang maiwasan ang inductive data contamination at upang bigyang- katwiran ang paglitaw ng mga tema mula sa phenomenon, na siyang esensya ng qualitative research studies.

Ang pananaliksik ay likas na husay at ito ay gumagamit ng deskriptibong Husserlian phenomenology na may layuning magtatag ng ligtas na kaalamang pilosopikal at siyentipiko. Ang tradisyon ng inquest ay naglalayong tuklasin ang mga hamon na kinakaharap ng mga estudyanteng nagtatrabaho sa kolehiyo. Ito ay sinabi na husay dahil ito ay sa lahat ng paraan, nauugnay sa mga nabubuhay na karanasan ng mga nagtatrabahong estudyante sa kolehiyo ang mga hamon na kanilang naranasan (Abalos, 2016). Ang pananaliksik ay gagamit ng deskriptibong penomenolohiya. Ang mga tema samakatuwid ay malilikha patungo sa pagtatapos ng proseso ng pananaliksik (Goddard & Melville, 2007).

Pilosopikal na Paninindigan
Ang pilosopikal na paninindigan ay sumasailalim sa mga pangunahing pagpipilian na ginawa sa pagsagot sa mga tanong sa pananaliksik na naglalayong suriin ang pilosopikal na batayan ng pag-aaral na ito dahil ang mga tema ay dapat matuklasan mula sa mga datos upang maiwasan ang mga naisip na ideya. Ang mga hamon na kinakaharap ng mga nagtatrabahong estudyante ay nakabatay sa mga sumusunod na posisyon: ontology, epistemology, axiology, at methodological assumption.

**Pagsusuri ng Kaugnay na Pagsusuri at Pag-aaral:**

Ang isinasagawang pananaliksik ay ginamitan ng deskriptibong *Husserlian Phenomenology*. Ang disenyo ng pananaliksik sa *phenomenology* ay isang magandang paraan upang tuklasin ang mga hamon na kinakaharap ng mga nagtatrabahong mag-aaral sa Mandaue City College. Ang desinyong ginagamit sa pananaliksik na ito ay *Husserlian Phenomenology* upang makakuha ng mas malalim na pag-unawa sa mga hamon ng mga nag-tatrabahong mag-aaral, ang esensya ng hamong ito ay natugunan ng mga nag- tatrabahong mag-aaral habang sila ay nag-tatrabaho sa parehong oras sa pag-aaral. Kaya ang gamit ang *Husserlian Descriptive Phenomenology*, ang mananaliksik ay may malalim na kaalaman na ang desinyong ito ay maaaring gumawa ng pagkakaiba at maaaring makagawa ng mas maaasahang mga resulta sa pag- aaral.

Sa ganitong uri ng sampling, pinipili ng mga mananaliksik ang mga participante ayon sa pangangailangan ng pag-aaral (Black, 2010) na binanggit ni (Augusto 2021). Ang napiling participante ang magiging presentasyon ng buong populasyon ng pag-aaral. Pinili ang mga partisipante ng pag-aaral na ito ayon sa sumusunod na inklusibong kriteria: (a) ang mga mag-aaral ay mula lamang sa ikatlong taon ng Bachelor of Secondary Education; (b) may edad na 18 taong gulang pataas; (c) opisyal na enrolled sa akademikong taon 2022-2023; (d) nagtatrabaho sa taong akademikong taon 2020-2021. Ang eksklusyon kriteria: (a) mag-aaral sa Diploma of Proffesional Education: (b) Bachelor of Elementary Education: (c) Mandaue City College Student Assistant.

Sa pag-aaral na ito naipapahayag at makikita ang mga pamamaraan ng pananaliksik sa pagkalap ng impormasyon, mga mitodong ginamit, mga pinagmulan ng datos at mga gabay na sinusunod para sa pagsusuri at pagbibigay interpretasyon. Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng diskriptibong pamamaraan na naglalayong malaman ang mga karaniwang epekto ng pagiging working student ng mga mag-aaral sa Mandaue City College.

Ang pamamaraan ng pananaliksik na ito ay magkaroon ng malinaw at maayos na pagpapaliwanag ng mga nakalap na resulta ng pag-aaral at mabigyang pansin ang aktwal na impormasyon na hindi papalagay o teorya lamang. Ang pag- aaral na ito ay hinahangad na maipakita at mailarawan ang mga katotohanang impormasyon ukol sa mga nagtatrabahong mag-aaral.

**Metodolohiya at Pamamaraan ng Pananaliksik:**

Ang disenyo ng pananaliksik sa phenomenology ay isang magandang paraan upang tuklasin ang mga hamon na kinakaharap ng mga nagtatrabahong mag-aaral sa Mandaue City College. Ang desinyong ginagamit sa pananaliksik na ito ay Husserlian Phenomenology upang makakuha ng mas malalim na pag-unawa sa mga hamon ng mga nag- tatrabahong mag-aaral, ang esensya ng hamong ito ay natugunan ng mga nag- tatrabahong mag-aaral habang sila ay nagtatrabaho sa parehong oras sa pag-aaral. Kaya ang gamit ang Husserlian Descriptive Phenomenology, ang mananaliksik ay may malalim na kaalaman na ang desinyong ito ay maaaring gumawa ng pagkakaiba at maaaring makagawa ng mas maaasahang mga resulta sa pag-aaral.

Ang lugar kung saan isinagawa ang pananliksik ay sa Mandaue City College. Ang Mandaue City College (MCC) ay isa sa pang-gobyernong paaralan ng Mandaue, na kaagapay ng Local Government Unit (LGU). Sa pananaliksik na ito napili ang paaralang Mandaue City College, dahil ang pananaliksik na ito ay nakabatay sa mga nagtatrabahong mag-aaral dito at ito‟y nakaayon sa mga tanong na nakaayon sa mga nagtatrabahong mag-aaral sa paaralang ito. Napakitaan na sa paaralang ito ay kadalasan ng mga mag-aaral ay nagtatrabaho.

Ang mga napiling respondente ay anim (6) na mag-aaral mula sa kolehiyo sa ikatlong taon ng kursong Bachelor of Secondary Education na nagmula

sa Mandaue City College. Sa pamamagitan ng mga tagatugon na ito, naniniwala ang mga mananaliksik na mabigyan ng kasagutan at katarungan ang layunin ng isinagawang pag-aaral. Ipinaliwanag pa ng Johnson (2006) gaya ng binanggit ni (Weller, et al 2016) na ang saturation ng data ay maaaring makamit ng kasing liit ng anim na panayam depende sa sample size ng populasyon.

Ang semi-structured na gabay sa pakikipanayam ay magiging instrumento ng pag-aaral. Ang mananaliksik ay nangongolekta ng datos at nakakuha ng pang-unawa14 mula sa mga panayam sa two-way na komunikasyon at nagbibigay daan sa pangangalap ng perceptive understanding upang mabigay ng qualitative data at isang pagkakataon para sa mananaliksik na makakuha ng kaalaman sa mga sagot sa mga tanong at ang paliwanag sa likod ng sagot. Gumamit ng focus group discussion ang pag-aaral na ito para ipakita ang mga datos na kailangan para sa pag-aaral. Kaakibat nito, ang binuong tanong ay may disensyo at pormat na binigyan ng kalayaan ang mga kalahok na magbabahagi ng karanasan at persepsyon ukol sa isinasagawang pag-aaral.

**Mga Natuklasan at Talakayan:**

Ang hamon ng pagbabalanse ng oras ay isa sa mga hamon ng mga nagtatrabahong mag-aaral kung saan ito ang kadalasang sagot ng mga respondente, ngunit sa kabali ng mga hamon ang mga respondente ay nakagawa ng paraan upang hindi maapektuhan ang pag-aaral. Ang pagsasakripisyo ng mga nagtatrabahong mag-aaral ay nagpatunay na kakayanin ang lahat upang makapagtapos sa pag-aaral.

**Tema 1: Pamamahala Ng Oras-Ang Hamon**
Ang pagiging isang working student sa online learning modality ay isang malaking hamon lalo pa"t kailangan mong pamahalaan ng may ang iyong pagtatrabaho at pag-aaral. Pagkatapos ng trabaho aasikasuhin na naman ang mga pampaaralang gawain katulad ng pag-aaral sa mga leksyong tinalakay, paggawa sa mga takdang-aralin at proyekto na iniutos guro.

Talahanayan 1. *Clustered* na Tema mula sa Nabuong Tema
Ang mga subtema ay kinuha mula sa nabuong mga kahulugan. Sa ibaba ay nagbubuod kung paano lumalabas ang mga clustered na temang ito batay sa mga;

1.1 Walang masasayang na Oras
*"Hindi masasayang iyong oras mo sa pagbabiyahe, kaya as Maganda ang epekto ng online learning modality sa mga nagtatrabhong mag-aaral." Respondente 1 (Linya 3)*

1.2 Pagbabalanse ng Oras
*"Ang mga nagtatrabahong mag-aaral ay sinisiguro na mabalanse ang oras dahil sa may trabaho sa gabi at nag-aaral sa umaga. Sa gayun ay may oras pa sa paggawa ng mga proyekto. Napakahalaga na mabalanse ang oras lalo pag nagtatrabaho. Ni minsan ay hindi nakakapahinga daahil sa mga gawain.".Respondente 1 (Linya 2)*

***Tema 2: Pagsasanay Sa Pag-Balanse Ng Oras***
*Ang pagiging isang nagtatrabahong mag-aaral sa online learning modality ay isang malaking hamon lalo pa"t kailangan ng mga nagtatrabahong mag-aaral na balansehen ang oras upang maka habol sa mga gawain. Kung saan ang mga mag-aaral ay natotong magbalanse ng kanilang oras sa pamamagitan ng pagsulat ng mga dapat gawain sa bawat aral at pagpaplano sa mga mahahalagang gawain.*

*Talahanayan 2. Clustered na Tema mula sa Nabuong Tema*
*Ang mga subtema ay kinuha mula sa nabuong mga kahulugan. Sa ibaba ay nagbubuod kung paano lumalabas ang mga clustered na temang ito batay sa mga;*

2.1 Pagsasakripisyo
*"Sa sobrang pagod sa pagtatrabaho at pag-aaral hindi na nagagampanan pa ng maayos ng mga nagtatrabahong mag-aaral ang kanilang mga tungkulin. Hindi na nila naipapasa sa takdang oras ang kanilang mga proyekto at takdang aralin. Hindi nila nauuunawaan ng maayos ang talakayan na nagiging sanhi ng pagbaba ng kanilang mga marka." Respondente 6 (Linya 3)*

2.2 Napapagaan ang pagpasa ng mga Gawain
*"Ang mga nagtatrabahong mag-aaral ay mas napapadali ang kanilang pagpasa ng mga proyekto sa pamamagitan ng paggamit ng online platform na MS Teams. Kaya matutulongan na mapasa agad-agad ang gawain, hindi na kailangang pumunta sa paaralan". Respondente 2 (Linya 2)*

**Tema 3: Online Class Para Sa Epektibong Pag-Aaral**
Ang pagiging nagtatrabahong mag-aaral sa online learning modality ay isang malaking hamon lalo pa"t kailangan ng mga nagtatrabahong mag-aaral na makahabol sa mga gawaing ipinapagawa ng guro sa takdang oras. Minsan nagkakaroon ng mahinang internit koneksyon, kahit minsa na man ay bigla na man ang pagbalik ng koneksyon kaya nakakapasa pa rin ang mga mga mag-aaral sa mga gawain sa takdang oras.

Talahanayan 3 *Clustered* na Tema mula sa Nabuong Tema
Ang mga subtema ay kinuha mula sa nabuong mga kahulugan. Sa ibaba ay nagbubuod kung paano lumalabas ang mga clustered na temang ito batay sa mga;

3.1 Naiiwasan ang masyadong Pagkaubos ng Oras (*Avoid time Consuming*)
*"Ang mga nagtatrabahong mag-aaral sa online learning modality ay mas nakaktipid sa oras dahil hindi na sila kailangan pang bumiyahe papuntang paaralan. Nakakapasok sila sa klase kahit nasa trabaho paman sila kasi online ang kanilang klase." Respondente 1 (Linya 4)*

*3.2 Nakakatipid ng Pera*
*"Sa online learning modality, ang mga mag-aaral ay nakaktipid sa pera dahil hindi na nila kailangan pang bumiyahe papunta sa*

*paaralan nakaklibre sila pamasahe. Sa online class kasi ay nagloload lang sila at ina- unli nila ito upang magtagal kaya mas nagiging mainam sa kanila ang online learnimg modality." Respondente 4 (Linya 5)*

Gayon din, ang mga nagtatrabahong mag-aaral ay mas pinagtuunan ng pansin ang kanilang pag-aaral dahil mas importante pa ito sa kanilang pagtatrabaho, kahit hindi nila mabitawan ang trabaho dahil ito ang bumubuhay sa kanila at sa kanilang pamilya, pero sa kabila ng lahat ng hamon sa buhay ay ang pagtitiwala sa sarili ang siyang nagbigay lakas sa mga respondente.

**Konklusyon:**

Ang pagiging isang working student ay nagpapakita ng kakayahan ng mga kabataan na pagsabayin ang pagtatrabaho at pag-aaral. Mahihinuha din na hindi dahilan o hadlang ang kahirapan sa paghinto sa pag-aaral. Matapos ang masusing pananaliksik napag-alaman na sa paggamit ng iba‟t-ibang aplikasyon kagaya ng Ms Teams na mas napapadali nila ang pagpasa ng mga proyekto. Sa kabila ng hamon ang mga mag-aaral ay piniling umangkop sa bagong pamamaraan ng pag-aaral kung saan naging bago sa kanilang pananaw. Base sa kasagutan ng mga respondente may maganda namang epekto ang pagpapatupad ng online learning modality, dahil hindi na kailangang pang maghanda para pumunta sa paaralan para mag-aral at nakakatipid pa sa oras at pamasahe. Nais man ng mga nagtatrabahong mag-aaral na magkaroon face to face class ngunit nangibabaw na mas maganda ang online learning modality sa kadahilanan na hindi na kailangang bumiyahe at hindi magastos. Marami mang hamon tulad ng mahinang internet connection at kung paano babalansehin ang kanilang oras sa kaya nagkakaroon sila ng problema ngunit ang bawat respondente ay may kanya- kanyang paraan upang makapasok sa klase. Tulad ng pagbabalanse ng kanilang oras, paggawa ng planer, at pagdidisiplina sa sarili. Pinapatunayan ng mga respondente na hindi hadlang ang pagtatrabaho upang huminto sa pag- aaral, maraming paraan upang ipagpatuloy ang pag-aaral. Sabi nga mga respondente kung may pangarap ka ay dapat harapin ang mga hamon at mga pagsubok na darating.

**Rekomendasyon:**

Batay sa mga natuklasan at konklusyon sa pag-aaral na ito ang mga mananaliksik ay nagkaroon ng magandang rekomendasyon kung saan sa pamamagitan sa programa na ito ay mas mabigyan ng pansin ang mga nagtatrabahong mag-aaral para mas lalong mapabuti ang kanilang pag-aaral habang sila ay nagtatrabaho;

Mag-donate ng mga libreng kagamitan tulad ng mga tablet, laptop at WiFi load sa mga pampublikong paaralan upang matulungan ang ibang mga mag-aaral na mapanatili ang kanilang bagong sistema ng pag-aaral sa panahon ng pandemyang ito. Ang pagbibigay ng mga online na gadget sa mga mag-aaral na nangangailangan ay maaaring maging lubhang kapaki-pakinabang dahil binabawasan nito ang mga gastos para sa mga pamilya.

Pagsasagawa ng mga seminar sa mga paaralan, atbp. Isang pagpupulong upang magplano ng mga pagpapabuti sa mga device na ginagamit sa online na kursong ito, pati na rin ang iba pang mga diskarte at paraan upang ipaalam sa mga mag-aaral.

Ang mga asynchronous na aralin ay dapat magbigay-daan sa mga mag-aaral na gumawa ng mga takdang-aralin at magpahinga mula sa computer work.

Alamin ang pisikal, mental at emosyonal na kalagayan ng mga anak upang maiwasan ang pagkalat ng depresyon. Hangga't maaari, sinusuportahan ng mga magulang ang mga anak sa pamamagitan ng pagbati at pagtulong sa mga takdangaralin na nahihirapan.

Gamitin ang oras sa maayos at makatwirang paraan upang hindi ka maoverload sa mga gawain o mabagal sa pagkumpleto ng mga aktibidad. Bago ka tumungo sa libangan at mga laro, gawin muna ang mahahalagang bagay.

**Mga Limitasyon at Karagdagang Pananaliksik:**

Nakabuo ang mga mananaliksik ng programa kung saan makakahatid ng magandang solusyon para ang mga nagtatrabahong mag-aaral para mas lalong makapukos sila sa kanilang pag-aaral. "Blended learning modality: Programa para sa mag-aaral na nagtatrabaho." Ang programang ito ay malaking tulong lalong lalo na sa mga nagtatrabahong mag-aaral dahil sa paraan na ito mas lalong makapukos ang mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral at mas lalong makakatipid sa pamasahe dahil makapag-aral parin sila kahit sila ay nasa bahay lamang. Ang paaralan ay dapat magpanukala ng blended class kahit isang araw lang sa isang linggo para narin ang mga nagtatrabahong pag-aaral ay magkaroon ng oras na gawin ang mga gawain o proyekto ng bawat asignatura.

Ang blended class ay napakalaking tulog na sa mga mag-aaral na nagtatrabaho na kahit sila ay nagtatrabaho nagawa parin nilang makapag-aral para matupad ang kanilang mga pangarap sa buhay. Hangga‟t maari ang paaralan ay magpapatupad na magkaroon ng online class sa umaga, sa hapun at gabi para ang mga nag-tatrabahong may-aaral ay wala ng dahilan para ito ay hindi makapagpukos sa kanilang pag-aaral.

**Mga sanggunian:**

*Abalos, E. E., Rivera, R. Y., Locsin, R. C., & Schoenhofer, S. O. (2016). Husserlian phenomenology and Colaizzi's method of data analysis: Exemplar in qualitative nursing inquiry using nursing as caring theory. International Journal of Human Caring, 20(1), 19-23.*

*Arnel Jr Clavero, A. M. N., Landicho, L., Alfonso, C., Nicole, G., Velarde, J. L., Garcia, H. F., ... & Ebdane, D. B. (2022). Ang Epekto ng Pandemya sa Kalusugang Pangkaisipan ng mga Mag-aaral sa Senior High School sa Isang Pribadong Unibersidad sa Lungsod ng Maynila. Sustainable Development, 10(3), 117-125.*

*Dela Cruz, N. A. J. P. (2022) Gumuguhong tulay: Tiwala sa tersyaryang institusyon sa panahon ng pandemya. (n.d.). https://feuadvocate.net/gumuguhong tulay- tiwala-sa-tersyaryang-institusyon-sa-panahon-ng-pandemya/*

*Dimas, V. D., Desaliza, L. F., Gabito, K. C., Mostera, J. M. B., & Estera, J. E. D. (2022).Modular Learning Modality: Karanasan ng mga Mag-Aaral Mula sa mga Liblib na Lugar sa Bayan ng Juban. Puissant, 3, 520-537.*

Frigillano, S.D., Ciasico, E.S., & Nulada L.M. (2018). Lived Experience of On Campus Working Students. Open Science Journal of Education, 3(6), 38-42.

*Llaneta, R. N. (2021). Paghahanda ng Sarili Bilang mga Irosanong Gurong Magulang: Hamon sa Paaralan at Tahanan sa Panahon ng Pandemya. Puissant, 2, 256-281.*

*Valeroso, G. L., & Largo, R. C. (2021) Istilo SA Pagtuturo Ng Mga Gurong Hindi Filipino Medyor. http://www.imjst.org/wp-content/uploads/2021/10/IMJSTP29120598.pdf*

*Weller, S. C., Vickers, B., Bernard, H. R., Blackburn, A. M., Borgatti, S., Gravlee, C.C., & Johnson, J. C. (2018). Open-ended interview questions and saturation. PloS one,13(6),e0198606.*